

# Buod ng Session at Kung Ano Ang Narinig Namin:

## Neurodiversity at Kalusugan ng Pag-iisip: Mas Mahusay na Paglilingkod sa Mga Bata

## Tungkol sa Symposium ng Tagapagsalita

Bilang bahagi ng engagement ng Children and Youth with Support Needs (CYSN), nagsagawa ng serye ng na tagapagsalita para maikonekta sa mga British Columbian ang mga eksperto. Ang serye ay oportunidad para matuto pa tungkol sa mga nagbabagong konsepto na nakakaapekto sa paghahatid ng serbisyo. Sa anim na session, ang mga tagapagsalita ay nagbahagi ng mga ideya para higit na mapahusay ang kolaboratibong pagbuo ng mga bago at epektibong sistema ng mga serbisyo ng CYSN.

Bukas sa lahat ng British Columbian ang serye na ito ng virtual na tagapagsalita sa symposium at nagbigay ito ng natatanging oportunidad para suportahan ang kolaborasyon at pagbabahagian sa mga pamilya, propesyonal, provider ng serbisyo, at interesadong partido. Ang mga talakayan sa breakout room ay nagbigay sa mga kalahok ng oportunidad na magkaroon ng mga ingklusibong usapan, magbahagi ng mga insight, pinakamahuhusay na kagawian, at tumuklas ng mga pananaliksik at kaalaman mula sa session sa pamamagitan ng lente na laban sa racism.

## Pangkalahatang-ideya ng Session

Noong Sabado, Disyembre 2, 2023, nagpresenta si Dr. Charlotte Waddell tungkol sa "Neurodiversity at Kalusugan ng Pag-iisip: Mas Mahusay na Paglilingkod sa Mga Bata." Si Dr. Waddell ay isang Child at Youth Psychiatrist, Professor Emeritus at Director ng Faculty of Health Sciences ng Children's Health Policy Centre sa Simon Fraser University.

Ang presentasyon ay nakatuon sa pagiging laganap ng mental disorder sa pagkabata, pagiging epektibo ng interbensyon, at mga resource sa kaalaman sa pag-unawa sa development ng bata.

Mahigit 50 tao ang sumali sa session na ito mula sa mga lugar sa buong lalawigan, na kumakatawan sa iba't ibang pananaw kabilang ang mga non-profit na organisasyon, guro, pamilya, at iba pa.

## Mga punto mula sa session

- Kinakailangan ang mga ugnayan para sa paglikha ng maayos na mga kundisyon sa development ng bata. Kabilang ang mga ugnayan sa pamilya at mga mas malawak na relasyon sa komunidad/kultura/kapaligiran.
- Sa paggawa ng patakaran sa antas ng klinika o mas malawak na gobyerno, dapat ay may kolektibong etikal na pagpapasya (kung saan binabalanse ang pangangalaga ng indibidwal na mga bata nang may mas malawak na panlipunang pananaw).
- Sa North America, nagkakaroon ng mga pagtaas sa neurodiversity sa mga grupong may mas mataas na kita, habang ang mga batang kapus-palad ay nakakaranas ng mga rate ng kapansanan na mas mataas nang 1.5 beses.
- Ang pag-unawa sa pagkakaroon ng mga mental disorder mula sa pagiging sanggol hanggang sa pagiging teenager ay kinakailangan para sa maagang interbensyon at suporta para sa epektibong pagtugon sa mga pagsubok.
- Halos 13% ng mga bata ang nakakaranas ng mga mental disorder na nakakaapekto sa kanilang mga pang-araw-araw na buhay, ngunit wala pa sa kalahati ang nakakatanggap ng kinakailangang paggamot. Humigit-kumulang 55,000 bata sa BC ang nangangailangan ng paggamot, ngunit hindi nakakatanggap nito.
- Ang mga mental disorder ay ang nangungunang dahilan ng kapansanan sa bata sa buong mundo at tinatayang lampas sa $76 bilyon ang gastusin taon-taon sa Canada.
- Mga pangunahing punto para sa mga neurodivergent na bata: pagbibigay ng mga kumprehensibo at napapanahong suporta at resource ayon sa mga pangangailangan, koordinasyon ng pangangalagang pangkalusugan at pangangalagang panlipunan para mabawasan ang mga pasanin sa bata at pamilya, pagbibigay ng mga napapanahon at epektibong paggamot para sa lahat ng bata na may mga mental disorder, pagbuo at pagpapanatili ng mga kaaya-ayang komunidad na kinikilala ang lahat ng bata at sinusuportahan ang mga bata at pamilya sa buong buhay nila.

## Talakayan sa breakout room – Ano ang Ibinahagi

Ang mga kalahok ay inilagay sa maliliit na breakout room (na may lima hanggang 15 kalahok kada room) para sa mino-moderate na talakayan. Tinanong ang mga kalahok:

- Sa lahat ng kaalamang ibinahagi ngayong araw, ano ang isa o dalawang pagsasaalang-alang na pinakamahalaga para sa iyo kapag nagpapahusay ng sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta?

Isinasalamin ng mga komento ang mga karanasan sa buhay ng mga kalahok, at ang kanilang mga pananaw at ideya para sa epektibong sistema ng mga serbisyo para sa mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta sa buong BC.

Ikinategorya sa apat na tema ang mga komento ng kalahok:

1. Pagpaplano at Koordinasyon ng Serbisyo: direktang pagpaplano kasama ang mga pamilya, (anumang uri ng) pagpaplano sa transisyon, cross-program/ministry na koordinasyon.
2. Paghahatid ng Serbisyo: mga direktang Serbisyo ng CYSN, mga wraparound na serbisyo, mga pagsasaalang-alang sa workforce.
3. Pangangasiwa: pagpopondo, mga proseso at pathway ng serbisyo (hal., intake; pagbibigay-priyoridad), mga tungkulin at responsibilidad (ibig sabihin, aling ministry ang responsable sa isang bagay), pisikal na espasyo.
4. Mga Pamamaraang Nakatuon sa Katarungan, Laban sa Racism, at Ingklusibo.

## Pagpaplano at Koordinasyon ng Serbisyo

Kabilang sa mga suhestyon na nauugnay sa pagpaplano at koordinasyon ng serbisyo ang pagbibigay ng suporta nang mas maaga para maiwasang maging krisis para sa pamilya (dahil sa mga kagawian sa pagbibigay-priyoridad at mga limitasyon sa resource); pagkilala at pagsuporta sa lahat ng iba't ibang pangangailangan sa suporta na mayroon ang mga bata at kabataan, anuman ang diagnosis. Nagpahayag ng suporta ang mga kalahok para sa ideya na palawigin ang mga serbisyo nang lampas sa 19 na taong gulang hanggang sa pagiging adult. May suporta rin para sa pagsasanay at pagkatuto para sa mga propesyonal na nakatuon sa kabataan para makatulong sa panahon ng transisyon. Dapat gumawa ng mga pathway para sa resource kaugnay ng haba ng buhay para alam ng mga pamilya kung ano available sa kanila sa pagtanda ng bata o kabataan. Panghuli, nagpahayag ang mga kalahok ng kagustuhan para sa isang sistema na mayroong higit na access sa naka-integrate na mga serbisyo ng Children and Youth Mental Health at CYSN.

Sa konteksto ng cross-program/ministry na koordinasyon, kabilang sa mga pangunahing punto ang pagtiyak ng pagiging tuloy-tuloy ng pangangalaga para sa kabataan na magiging adult; pagbibigay ng access sa pagpapayo bilang napakahalagang elemento ng pangangalaga; karagdagang pagsasanay para sa medikal na staff, partikular sa mga ospital, para epektibong makapagbigay ng pangangalaga sa mga bata at kabataan na hindi nakakapagsalita; at paglikha ng kapasidad ng mga provider ng serbisyo na bihasa sa mga suporta sa kalusugan ng pag-iisip. Ang isa pang suhestyon na nabanggit ay magtakda ng mga pediatrician na maaaring konsultahin para magsilbing mga specialist na gagabay sa mga doktor sa pagbibigay ng mga medikasyon sa konteksto ng CYSN. Nagpahayag ang mga kalahok ng pangangailangan para sa mga update sa ingklusibong edukasyon at mga patakaran sa Ministry of Education and Childcare para maging naaayon sa mga nagpopondo at provider ng serbisyo. Para masuportahan ang higit na pag-unawa sa mga kompleksidad ng mga suporta para sa mga bata at kabataan, mahalaga ang koordinasyon sa pagitan ng Ministry of Health at Ministry of Education and Child Care.

## Paghahatid ng Serbisyo

Kabilang sa mga suhestyon para mapahusay ang mga direktang serbisyo ng CYSN ang:

- Pagdaragdag ng mga serbisyo sa maliliit na lungsod.
- Pagpapalawak sa mga kahulugan ng mga bata at kabataan na nangangailangan ng suporta para maisama ang mga may kundisyon tulad ng pagkabalisa.
- Pag-integrate ng suporta at paggamot para sa mga bata at kabataan na may agresibo o marahas na pag-uugali.
- Suporta sa pag-navigate sa buong proseso para ma-access ng mga pamilya ang mga naaangkop na resource.

Madalas na nabanggit sa mga talakayan ang mga wraparound na serbisyo. Sumang-ayon ang mga kalahok na ang mga serbisyong inilarawan sa presentasyon ni Dr. Waddell ay makakapagpagaan sa mga pagsubok na nararanasan ng mga pamilya sa kasalukuyang sistema. Kinakailangan ang kumprehensibong suporta para sa buong pamilya; ang konsepto ng paglalakad sa tabi ng mga pamilya para magbigay ng emosyonal na panghihikayat at suporta ay sinasang-ayunan ng mga kalahok. Ang bagong sistema ay dapat magkaroon ng higit pang pagsukat sa accessibility, na tumitiyak na hindi nakakaranas ng diskriminasyon ang mga magulang na may mga kapansanan. Nagbigay ng suhestyon na isailalim sa pagsasanay ang mga consultant sa kalusugan ng pag-iisip para partikular na masuportahan ang Child and Youth Specialized Services, at para malikha ang kapasidad ng mga provider ng serbisyo na bihasa sa kalusugan ng pag-iisip, na nagbibigay-diin na ang mga nabanggit na pagpapahusay ay makakatulong sa pagiging epektibo ng mga serbisyo sa suporta. Dagdag dito, iminungkahi na ang mga modelo para sa pagsasanay para sa mga therapist ay maaaring pondohan sa pamamagitan ng Ministry of Children and Family Development.

## Pangangasiwa ng Programa

May pangkalahatang kasunduan na ang pangangalagang nakatuon sa pamilya ay mahalaga sa isang epektibong sistema, at kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng input at desisyon ng mga pamilya sa mga suportang natatanggap nila. Matutugunan ng makatarungang pagpopondo ang karamihan sa mga pagsubok na inilarawan, partikular ang pagkakabukod ng ilang bata at kabataan mula sa pagtanggap ng mga suporta batay sa kanilang mga pangangailangan. Iminungkahi na iugnay ang pagpopondo sa mga pangangailangan sa halip na sa mga diagnosis. Ang mga kalahok, na alam ang kahalagahan ng access sa pagpapayo, ay nagmungkahi na maaari itong iugnay sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga bata at kabataan. Ang pagpopondo para sa suporta ay dapat magsimula nang maaga, para magawang magplano sa mga daycare/pre-school, na magbibigay-daan sa one-to-one na suporta; makakatulong din sa pagpaplano nang maaga at suporta ang pagtugon sa mga waitlist sa daycare. Kasama dapat sa bagong sistema ang isang proseso para masubaybayan ang mga salik ng panganib, tulad ng socioeconomic na katayuan, mga kultural na salik, kalusugan ng pag-iisip ng magulang, at neurodiversity ng magulang, para proactive na masuportahan ang mga pamilya na maaaring mas vulnerable.

## Buod ng Mga Tanong at Komento ng Mga Kalahok:

Sa buong presentasyon, hinikayat ang mga kalahok na ibahagi ang kanilang mga komento at tanong sa chat function ng Zoom. Nasa ibaba ang isang buod ng kung ano ang narinig:

- Suporta para sa Maraming Pagsubok sa Kalusugan: Pangangailangan para sa higit pang suporta para sa mga propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip at mga sapat na serbisyo para sa mga bata na parehong may mga neurodivergent na kundisyon at mga isyu sa kalusugan ng pag-iisip.
- Pagpopondo at Mga Resource para sa Mga Transisyon sa Buong Buhay: Pangangailangan para sa higit pang nagpapatuloy na pangangalaga at tulong para sa mga indibidwal sa buong buhay nila, partikular kapag naging adult na. Halimbawa: ang mga adult na may late-life autism diagnosis ay kadalasang walang pondo para lumahok sa mga late-life intervention.
- Pagpopondo ng Foundry: Higit pang adbokasiya para sa mas malaking pondo sa Mga Foundry Center (mga naka-integrate na serbisyo sa kalusugan at kapakanan para sa mga kabataan na edad 12-24) para matugunan ang mga iregularidad sa development sa buong lalawigan.
- Pagbabago sa Modelo ng Pangangalaga: Pagbibigay-diin sa paggamit ng nakabatay sa mga kalakasan at neuro-affirmative na modelo sa mga kapansanan para mas mahusay na masuportahan ang mga indibidwal. Pagpuri sa Family Smart bilang epektibong programa na nakakatulong sa mga pamilya at mga bayad na peer specialist na sinusuportahan ang neurodiverse na komunidad.
- Pagbabago ng Paradigm: Kahalagahan ng pagkilala sa mga nagbabagong paradigm sa kontemporaryong pangangalaga sa kapansanan para sa mas positibong epekto sa mga pamilya at indibidwal.
- Pagbabahagi ng Impormasyon: Higit pang adbokasiya para sa pagbuo ng sistema sa mga propesyonal para maibahagi ang lipas nang kaalaman na maaaring makaapekto sa pangangalagang ibinibigay sa mga bata at pamilya at na nagdudulot ng pagkabalisa para sa mga bagong provider ng serbisyo.